

**IPASKIL SA LUGAR KUNG SAAN MADALING MABABASA NG MGA EMPLEYADO  
ANG MGA LUMALABAG AY MAY KAUKULANG PARUSA**

# **OPISYAL NA ABISO MINIMUM WAGE SA SAN DIEGO**

# **\$12.00** BAWAT ORAS

Petsa ng Pagsisimula ng Rate: Enero 1, 2019

---

Simula sa Enero 1, 2019, ang mga empleyadong nagtatrabaho nang hindi bababa sa dalawang (2) oras lang sa isang linggo sa loob ng mga heograpikong hangganan ng Lungsod ng San Diego ay dapat bayaran ng sahod na hindi bababa sa \$12.00 bawat oras para sa lahat ng oras na nagtatrabaho sa loob ng mga heograpikong hangganan ng Lungsod.

Ang Ordinansa ng Earned Sick Leave at Minimum Wage ng San Diego, San Diego Municipal Code Kabanata 3, Artikulo 9, Dibisyon 1, ay nalalapat sa mga empleyadong nasa hustong gulang AT menor de edad na nagtatrabaho nang dalawang (2) oras o higit pa sa isang linggo sa loob ng mga heograpikong hangganan ng Lungsod. Tandaan: hindi kasama ang mga tip sa pagbabayad ng minimum wage.

Hindi maaaring pag-itan ng mga employer ang mga empleyadong nagtataguyod sa anumang mga karapatang nasa Ordinansang ito. Ang mga empleyado ay maaaring agsampa ng kasong sibil laban sa kanilang mga employer para sa anumang paglabag sa Ordinansa o maaari silang maghain ng reklamo sa Minimum Wage Enforcement Office ng Lungsod ng San Diego Maaaring magsagawa ng anumang mga naaangkop na hakbang ang Lungsod upang siyasatin ang naturang posibleng paglabag. Ang lungsod ay may karapatan sa lahat ng legal at makatuwirang lunas upang malutas ang anumang paglabag sa Ordinansa, kabilang ang kakayahang magpataw ng mga parusa na hanggang \$1,000 bawat paglabag, mga back wage, mga liquidated damage, pagpapabalik at iba pang injunctive relief.

Kung ikaw ay mayroong mga tanong, nangangailangan ng karagdagang impormasyon, o sa palagay mo ay lumabag ang iyong employer sa anumang probisyon ng batas na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong employer, bisitahin ang website ng Minimum Wage Enforcement Office ng Lungsod ng San Diego sa <https://www.sandiego.gov/treasurer/minimum-wage-program> o makipag-ugnayan sa Minimum Wage Program ng Lungsod ng San Diego sa (619) 615-1565 o email sa [SDMinWage@sandiego.gov](mailto:SDMinWage@sandiego.gov).